Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF BULACAN**

To: CID Chief
Education Program Supervisor
Public School District Supervisors
Select Public Secondary School Heads
All Others Concerned

Subject: Participation of Junior and Senior High School in KBS Rewaynd Competition sponsored by the Provincial Government

Date: **August 28, 2022**

1. In light of the invitation letter from the Provincial Government through PHACTO (Panlalawigang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo) stating that the KBS Reward Competition will be held on September 10, 2022 as part of the annual celebration of the SINGKABAN Festival with the theme, *"Patuloy na Pagsikhay Tungo sa Tagumpay,"* this Office is encouraging junior and senior high school students to participate in the Folk Dance and Kundiman singing contest.

2. Schedule of practices should be set outside class hours.

3. Attached herewith is the mechanics and guideline for the KBS Rewaynd competition.

4.. Transportation of the participants shall be charged against the local school fund subject to usual accounting and auditing rules and regulation.

5. Wide dissemination and compliance with this Memorandum is desired.

**ZENIA G. MOSTOLES, EdD, CESO V**
Schools Division Superintendent

**DIVISION LETTER**
No. 074 , s. 2022

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
LUNGSOD NG MALOLOS

DepEd-SDO of Bulacan Office of the SDS
RECEIVED
AUG 16 2022
By:
Time:

PANLALAWIGANG TANGGAPAN NG KASAYSAYAN, SINING, KULTURA AT TURISMO

DepEd - SDO of Bulacan
RECEIVED
AUG 16 2022
8:26
By:

Ika-10 ng Agosto, 2022

**DR. ZENAIDA G. MOSTOLES, CESO V**
Tagapamahala ng mga Paaralan
Kagawaran ng Edukasyon - Dibisyon ng Bulacan
Lungsod Malolos, Bulacan

Mahal na Dr. Mostoles,

*Isang masining na pagbati!*

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan, sa pamamagitan ng Panlalawigang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo, sa pangunguna ng Dibisyon ng Sining at Kultura, ay muling ipagdiriwang ang *Singkaban Festival*, na may temang *"Patuloy na Pagsikhay Tungo sa Tagumpay"*, sa darating na ika-8 hanggang ika-15 ng Setyembre, kaugnay ng paggunita sa **LINGGO NG BULACAN**. Isa sa mga programang ihahandog ng aming tanggapan ay ang **KBS Rewaynd**, kung saan itatampok ang husay at galing ng ating mga kalalawigan sa pag-awit ng Kundiman, Balagtasan at Sayaw, sa darating na **ika-10 ng Setyembre, 2022** na gaganapin sa Tanghalan ng Sining at Kultura, Mini Forest, Antonio S. Bautista, Provincial Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

**Kaugnay nito, ay magalang po naming hinihiling, na sa pamamagitan ng inyong tanggapan, ay maanyayahan ang mga mag-aaral ng mga paaralan na sakop ng inyong Dibisyon, na lumahok sa Kumpetisyong Bayan sa Singkaban - KBS Rewaynd 2022. Kalakip po nito ang sipi ng Panuntunan at alituntunin ng pagsali, gayundin po ang entry forms na isusumite sa amin.**

| TITLE | LINKS |
|---|---|
| GOOGLE FORM KBS REWAYND | https://forms.gle/dA7rd8LerXFLCAn46 |

Makikipag-ugnayan po sa inyong tanggapan si G. Renzon DL. Domingo, kawani at *Project Coordinator ng KBS REWAYND* o maari siyang tawagan sa telepono bilang 0969-462-2133 o sa email address artsculturedivision.bulacan@gmail.com / singkaban.indakansakalye@gmail.com para sa inyong mga karagdagang katanungan.

Lubos po kaming umaasa sa inyong positibong pagtugon sa aming kahilingan sa lalo pang ikatatagumpay at ikasisigla ng pagdiriwang ng panlalawigang kapistahan sa ating dakilang lalawigan.

Maraming salamat po.

Lubos na sumasainyo,

**DR. ELISEO S. DELA CRUZ**
Pinuno

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF BULACAN**

2022 KBS REWAYND GUIDELINES (1).png

# Kumpetisyong Bayan sa KBS... Rewaynd

SINKKABAN FESTIVAL

PHACTO

Ang programang ito ay handog ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pangunguna ni **Gob. Daniel R. Fernando, Bise Gob. Alexis Castro** at ng **Sangguniang Panlalawigan ng Bulacan** sa pamamagitan ng Panlalawigang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo sa pangunguna ng Dibisyon ng Sining at Kultura. Ito ay tatampukan ng patimpalak ng **pag-awit ng Kundiman, Balagtasan at Pagsayaw** na gaganapin sa **ika-10 ng Setyembre, 2022**. Magkakaroon ng ***Elimination Round*** kung umabot sa **dalawampu (20)** ang mga kalahok sa bawat kategorya at ito ay gaganapin ***simultaneously*** sa ganap na ika- 9:00 ng umaga sa Tangahalang Nicanor Abelardo, Guillermo Tolentino Exhibit Hall at Tanghalan ng Sining at Kultura- Mini Forest, Antonio S. Bautista, Bulacan Provincial Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

Pipili ng 5 kalahok sa bawat kategorya na silang magtatagisan para sa huling yugto ng patimpalak at ang **Grand Finals** ay gaganapin sa ganap na **ika-1:00 ng hapon** sa Tangahalan ng Sining at Kultura- Mini Forest. May limit na dalawampung (20) kalahok sa bawat kategorya. (***First-come-first-served***)

Registration link https://forms.gle/dA7rd8LerXFLCAa46

## ALITUNTUNIN SA PAGSALI

### AWITING KUNDIMAN (SOLO)

- Ang patimpalak ay bukas sa babae o lalaki na nasa Senior High School *(school or community based)*.
- Kailangang umawit ng Awiting Kundiman.
- Ang akompanya ay Minus – 1 (USB) nakalagay sa USB at ipapadala sa aming email
- Ang pagtatanghal ay kailangan di tatagal ng lima (5) na minuto
- Magkakaroon ng draw lots bago ang patimpalak
- Ang Kasuotan ay dapat Filipiniana o Barong tagalog
- Ang desisyon ng hurado ay pinal at di mababago

**Panuntunan sa Paghusga**

| | |
|---|---|
| Voice Quality | 25% |
| Projection | 20% |
| Diction | 15% |
| Performance | 15% |
| Timing | 15% |
| Over-all Impact | 10% |
| **Total** | **100%** |

**Pampremyo**
**1st prize (P10,000)**
**2nd prize (P8,000)**
**3rd prize (P5,000)**
**2 consolation prizes (P2,000/each)**

### BALAGTASAN

- Ang patimpalak ay bukas sa lahat na nasa Elementarya *(school or community based)*
- Maaaring puro lalaki o babae (babae o lalaki)
- Ang Balagtasan ay dapat orihinal na may temang **"Patuloy na Pagsikhay tungo sa Tagumpay"**.
- Ang Balagtasan ay di dapat lumagpas ng Sampung (10) minuto
- Kailangang gumamit ng angkop na kasuotan para sa kanilang pyesa
- Ang desisyon ng hurado ay pinal at di mababago

**Panuntunan ng Paghusga**

| | |
|---|---|
| Tema | 40% |
| Paraan ng Pagbigkas | 30% |
| Kahuuang dating | 30% |
| | 100% |

**Pampremyo**
**1st prize (P15,000)**
**2nd prize (P10,000)**
**3rd prize (P8,000)**
**2 consolation prizes (P5,000/each)**

### SAYAW (BULACAN DANCE)

- Ang patimpalak ay bukas sa lahat ng Pangkat Mananayaw na nasa Junior at Senior High *(school or community based)*.
- Ang grupo ay kailangang sumayaw ng dalawang (2) sayaw (1: Contest piece at 2: Free choice).
  *Free Choice : Published Folk Dance*
  *Contest piece: Published Bulacan Dance (mula sa Francisca Aquino Book, Sayaw Dances of the Philippine Islands o sa A Classic Collection of Philippine Folk Dances*
- Ang Kasuotan ay dapat angkop sa sayaw
- Ang mananayaw ay kailangang di bababa sa walong (8) katao at di lalampas sa sampung (10) katao.
- Ang kabuuang pagtatanghal ay di lalampas ng siyam (9) na minuto kasama na ang dalawang sayaw at entrance na 16M at exit na 16M.
- Ang paggamit ng mga paputok, kwitis o anumang makakasakit ay mahigpit na ipinagbabawal
- Magkakaroon ng draw lots bago ang patimpalak
- Ang tugtog ay dapat nasa USB at ipapadala sa aming email
- Ang desisyon ng hurado ay pinal at di mababago

**Panuntunan sa Paghusga**

| | |
|---|---|
| Free Choice | 20% |
| Staging | 30% |
| Performance | 20% |
| Interpretation | 15% |
| Costume/Props | 15% |
| **Total** | **100%** |

**Pampremyo**
**1st prize (P20,000)**
**2nd prize (P15,000)**
**3rd prize (P10,000)**
**2 consolation prizes (P5,000/each)**

**Deadline ng Registration ay sa Agosto 29, 2022**
Para sa mga katanungan maaaring makipag-ugnayan kay
**G. RENZON DL. DOMINGO** sa telepono bilang 0960-462-2133,
o email address artsculturedivision.bulacan@gmail.com /singkaban.indakansukalye@gmail.com

Hiyas ng
Antonio
Email: ar

"Sipa
Nagliliı

https://mail.google.com/mail/u/0/#inbox/FMfcgzGqPzDqkDGZsxdSZZZZlGvMKqjv?projector=1&messagePartId=0.2